**Araling Panlipunan Grade III**
***Ika-apat na Markahan***

WEEK 5– Day I

I. Layunin : Naipapakita ng mga mag-aaral ang aktibong pakikilahok sa gawaing pansibiko sa kinabibilangang komunidad

II. A. Paksa : Serbisyong Pampubliko
B. Batayan :
C. Mga Kagamitan : tsart, graphic organizers, picture puzzles, larawan
D. Tema : Ang Lipunan Sa Aking Kinabibilangang Komunidad

III. Pamamaraan

A. Panimulang Gawain

A.1. Balik-aral
A.2. Itanong : 1. Nakaranas na ba kayong tumulong sa ibang tao?
2. Bakit mo siya/sila tinulungan?

A.3. Ipabuo ang picture puzzles :






A.4. Pagkilala sa nabuong larawan

A.5. Pagtalakay sa larawan

A.5. Tumawag ng isa/dalawang bata na magsabi kung paano siya nakatulong sa kapwa.

B. Panlinang na Gawain

B.1. Ipabasa ang tula

**PABLO**

Marami nating kababayan
Dumanas ng kahirapan at kalungkutan
Mapait na karanasan
Bagyong Pablo ang dahilan.

Isang pangyayari, pait at sakit ang dulot
Piliting magpakatatag at huwag matakot

Marami man ang nawala, manatiling magtiwala
Sa ating Panginoon na siyang lumikha.

Mahal kong kababayan,  sa kabila ng bagyong dumaan
Palagi mong pakatandaan
Na sa iyong matinding kalungkutan
Karamay mo ang bawat mamamayan.

Huwag mawalan ng pag-asa
Dahil kababayan mo'y muling  magka-isa.
Bumangon at lumaban
Upang kaginhawaan ay muling makamtan.

(Isinulat ni: *Maria Gina F. Flores*, Reg. XI)

B.2.  Magkaroon ng pangklaseng talakayan tungkol sa  tula.
B.3.  Masasagot ng mga mag-aaral ang mga sumusunod :
* Anong pangyayari ang sinasabi sa tula?
* Bakit ito nangyayari?
* Ano ang inyong maitutulong sa mga ganitong sitwasyon?
* Bakit kailangan mo itong gawin?

B. 4. Gawaing pang-upuan :

Direksyon:  Ano ang iyong gagawin kung makakita ka ng bata sa lansangan na walang damit at pagkain? Iguhit ang iyong sagot sa kwaderno.

C.  Pangwakas na Gawain

C.1. Pagpapahalaga :

* Pagtalakay sa iba't-ibang paraan na maging aktibo sa mga gawain sa komunidad at  ang mga magagandang kaugalian o karanasan  na naidudulot nito sa taong tumulong at sa tinutulungan.

C.2.  Paglalahat :

Papiliin ang mga bata ng larawan tungkol sa iba't ibang   paraan  ng pagtulong at hayaan silang magpahayag kung bakit ito ang kanilang napili.

C.3.  Pagtataya  : Lagyan ng (/) kapag tama ang sinasabi sa pangungusap at (x) kung hindi.

___ 1. Mga kaibigan lang ang dapat tulungan.

___ 2. Tumulong sa pagbibigay ng relief goods sa mga biktima ng sunog.

___ 3.  Makilahok sa programa ng gobyerno upang makalikom ng pera para sa libreng pabahay  ng mga nakaranas ng baha.

___ 4.  Pakainin ng libre ang mga batang lansangan

___ 5. Ikulong ang mga matatanda na palaboy-laboy  sa kalye.

D. Takdang Aralin : Gumupit ng isang larawan na nagpapakita ng pagtulong sa kapwa.

## Day 2

A. Balik-aral : Mga Gawaing Pansibiko

B. Gawain 1 : Awitin

Magagawa natin
Ang lahat ng bagay
Ang lahat ng bagay sa mundo
Mga bagay di nagagawa
Di nagagawang nag-iisa.

Malulutas natin ang mga problema
Kung tayo'y nagkakaisa
Ang suliranin naging magaan
At may bagong buhay


Itanong: A.1 . Kailan naging magaan ang mga suliranin?
A.2 . Anong kaya nating gawin kapag nagkaisa?
A.3. Ano ang mensahe ng kanta?

C. Panlinang na Gawain

C.1 . Magbigay ng mga gawain na maari mong maitulong sa programa ng ating pamayanan tulad halimbawa ng 'clean and green project'?

C.2. Magkaroon ng pangklaseng talakayan tungkol sa gawain.

C.3. Tukuyin ang iyong papel bilang isang mag-aaral kung paano ka makatulong sa komunidad.




D. Pangwakas na Gawain

D.1. Talakayin ang kahalagahan ng pakikilahok sa mga gawain sa komunidad sa pamagitan ng maikling pagsasadula.

D.2. Paglalahat :

Itanong: Bakit kailangan nating makilahok sa mga gawain sa komunidad?
Ano ang epekto ng pakikilahok ng mga mamamayan sa iba't ibang gawain sa komunidad?

D.3. Pagtataya :

Gumawa ng isang maikli ngunit makabuluhang kasabihan tungkol sa pakikipagtulungan o pakikilahok sa mga gawain sa komunidad.

Halimbawa: “ Mamamayang nagtutulungan,
yaman ng pamayanan. ”

“ Ang malinis na kapaligiran,
malayo sa karamdaman.”

## Day 3

A. Paglalahad
Buuin ang graphic organizer.

| Mga Programa sa Komunidad | Gawaing Pansibiko |
|---|---|
| 1. Clean and Green Project | |
| 2. Clean-up Drive | |
| 3. Kawanggawa | |
| 4. Programang Pangkalusugan | |

B. Panlinang na Gawain
Pangkatin ang klase at ipasadula ang mga sumusunod na mga gawain sa komunidad. Pahulaan sa klase kung anong gawain ito.

Pangkat 1: Pagbibigay ng relief goods
Pangkat 2: Paglilinis sa mga estero
Pangkat 3: Pagrerecycle ng mga basura
Pangkat 4: Pagtatanim ng gulay sa bakuran
Pangkat 5: Pagtatanim ng mga puno at halaman sa paligid

C. Paglalahat
Itanong: Ano ang ibig sabihin ng gawaing pangkomunidad o pansibiko?”
Paano ito makakatulong sa pagkakaroon ng maayos at maunlad na pamayanan?
Ano ang mga tungkulin na dapat gampanan ng mga mamamayan upang mapanatili ang kaunlaran at kaayusan sa pamayanan?

D. Paglalapat :
Idikit ang cartolina strips sa loob ng kahon kung ang nakasulat dito ay gawaing pansibiko .

*Paglilinis sa bakuran*

*Pagpuputol ng punongkahoy*

*Pagbibigay ng mga lumang damit sa mga nasunugan*

Pagbibigay ng libreng bakuna

Pagsusunog sa basura

Paghihiwalay ng nabubulok at di-nabubulok na basura

| Mga Gawaing Pansibiko |
|---|
| |

E. Pagtataya

Isulat ang **T** kung ang pangungusap ay nagsasabi ng isang gawaing pansibiko at isulat ang **H** kung hindi.

____ 1. Si Ruben ay nagtatapon ng plastic sa ilog.
____ 2. Nagtatanim ng punla ang mga mag-aaral .
____ 3. Gumamit ng dinamita sa pangingisda si Mang Carlos.
____ 4. Itinapon ni Myla ang basura sa tamang lalagyan.
____ 5. Ang mga Boy Scouts ay nagtatanim ng bakawan sa tabing dagat.

## Day 4

A. Panlinang na Gawain

A.1. Pangkatin ang klase at magpagawa ng comic strip ayon sa ibinigay na paksa. Pahulaan sa klase kung aling ahensiya ng pamahalaan ang nangunguna sa pakikilahok sa mga gawaing pansibiko.

Pangkat 1: Pagbibigay ng libreng gamot at bakuna
Pangkat 2: Pagbibigay ng mga pagkain at damit sa mga biktima ng kalamidad
Pangkat 3: Pagtatanim ng mga punong-kahoy
Pangkat 4: Pagkukupkop sa mga matatanda na walang kamag-anak
Pangkat 5: Pagbibigay ng libre o murang pabahay
Pangkat 6: Libreng paglilingkod ng mga nars at doctor

A.2. Ilagay ang mga comic strips sa wastong kahon ayon sa ahensyang nangunguna sa pakikilahok sa mga gawaing pansibiko.

| *Department of Health* | *National Housing Authority* | *Department of Social Welfare and Development* | *Department of Environment and Natural Resources* |
|---|---|---|---|
| | | | |

B. Pagtatalakay

- Ipakita ang mga larawan ng mga ospital na pampubliko, health at relief centers at programang pabahay. Hayaan ang mga mag-aaral na ibigay ang kanilang saloobin tungkol sa mga larawan. Itanong kung para kanino ang mga centers o programa na ito. Ano ang maidudulot nito para sa mga mamamayan? Anong kabutihan ang maidudulot nito sa komunidad? Ano-ano ang mga ahensya ng pamahalaan ang nakikilahok sa mga gawaing pansibiko ( DOH, DENR, NDCC, DSWD, NHA, DA)

C. Paglalapat : Isulat ang tama o mali sa patlang.

_____1. Ang mga batang lansangan ay pansamantalang kinukupkop ng DSWD.
_____2. May bayad ang magpakonsulta sa health center.
_____3. Nagbibigay ng libreng gamot ang Department of Health.

_____4. Ang DENR ang ahensyang nangunguna sa pagtatanim ng mga punong-kahoy at pangangalaga sa mga gubat.

_____5. Ang National Disaster Coordinating Council ang kumukupkop sa mga matatandang walang kamag-anak .

D. Pagtataya

Sagutin ang sumusunod na tanong;

1. Ano ang ibig sabihin ng gawaing pansibiko? Magbigay ng halimbawa.
2. Paano ito makakatulong sa mga mamamayan ng komunidad?
3. Ano-ano ang ahensya ng pamahalaan ang nangunguna o nakikipag-ugnay sa ibang ahensya o institusyon sa pakikipaglahok sa mga gawaing pansibiko?

**Day 5**

A. Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Ano ang mangyayari kung patuloy na pinuputol ang mga punongkahoy?
   a. madalas ang ulan
   b. maraming gusali ang maitatayo
   c. magkaroon ng pagbaha
   d. marami ang magkasakit
2. Ano ang maidudulot sa komunidad kung ang mga mamamayan ay nagtutulungan?
   a. maraming tao ang magiging tamad
   b. madaling uunlad at maayos ang komunidad
   c. lalaki ang populasyon
   d. magkagulo ang mga tao
3. Paano ka makakatulong sa proyektong “Clean and Green” ng komunidad?
   a. mag-iwan ang kalat sa parke
   b. ilagay ang mga basura sa iisang basurahan
   c. paglilinis ng bakuran araw-araw
   d. mamitas ng bulaklak
4. Alin sa mga sumusunod ang isang gawaing pansibiko?
   a. pagtawid sa pedestrian lane
   b. pagtatanim ng bakawan sa tabing dagat
   c. pag-aaral ng mabuti
   d. paghahanda tuwing pista
5. Ito ang nagsisilbing tagapag-ugnay sa ibang pribadong institusyon at sa ibang ahensya ng pamahalaan upang mabigyan agad ng tulong ang mga taong naapektuhan ng kalamidad.
   a. National Disaster Coordinating Council
   b. Department of Health
   c. Department of Social Welfare and Development
   d. Department of Education

B. Ano ang iyong gagawin kung nakita mo ang iyong kaklase na namimitas ng bulaklak sa hardin ng inyong paaralan?

Maglinis sa ating kapaligiran at panatilihing malinis ito. Iwasan ang pagkalat ng mga basura o magtapon kung saan-saan. Patuloy ding magtanim ng mga halaman at mga punong kahoy. Isumbong ang mga illigal loggers at iwasan ang pagputol ng mga punongkahoy.